

Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

SAPAGKAT, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay nahaharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,834,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 35,300 na mga residente; at,

SAPAGKAT, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, patuloy ang walang ulirang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado; at,

SAPAGKAT, una nang ipinahayag ng World Health Organization na ang COVID-19 ay isang Kagipitan ng Pampublikong Kalusugang May Pandaigdigang Pakundangan noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos noong Enero 27, 2020 na ang COVID-19 ay naglalahad ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

SAPAGKAT, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay nag-ulat ng higit sa 630 milyon na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 at higit sa 6.5 milyong pagkamatay na maiuugnay sa COVID-19 sa bung mundo; at,

SAPAGKAT, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ang birus ay patuloy na kumakalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan ng mga pamahalaan ng pederal at Estado na patuloy na gumawa ng makabuluhang mga hakbang; at,

SAPAGKAT, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan, kabilang ang ilang nakababatang mga bata na kamakailan lamang ay naging kwalipikado para sa pagbabakuna; at,

SAPAGKAT, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay nagdeklara na ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois ay lugar ng sakuna bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. 5121-5207 (ang “Stafford Act”), na sumasaklaw sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

SAPAGKAT, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

SAPAGKAT, sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, na nagdulot ng patuloy na mga epekto sa kalusugan at ekonomiya, at dahil ang mga variant at subvariant ng birus, kabilang ang Omicron variant, ay nagdulot ng patuloy na karagdagang panganib at pinsala, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bawat buwan mula noong Marso 2020; at,

SAPAGKAT, sa pag-usad ng mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19 at sa paglitaw ng mga bagong ebidensya, madalas na may mga pagbabago sa impormasyon at gabay sa pampublikong kalusugan; at,

SAPAGKAT, ang walang ulirang likas na katangian ng COVID-19, kabilang ang mga resulta nito sa kalusugan hindi lamang sa respiratory system kundi sa puso, utak, bato, at immune response ng

katawan, ay ginawa at patuloy na ginagawang mahirap hulaan ang mga epekto at landas ng birus; at,

SAPAGKAT, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang mga pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, lalo na kapag mataas ang pagkalat ng sakit sa komunidad; at,

SAPAGKAT, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022 upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

SAPAGKAT, ang patnubay na iyon ng CDC ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, inirerekomenda na lamang ngayon ng gabay ng CDC ang unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad na may mataas na antas ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

SAPAGKAT, ang ilang mga tao na nahawaan ng birus ay nananatiling walang sintomas ngunit gayunpaman ay maaaring ikalat ito sa iba; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbabawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi pa ganap na nabakunahan at hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay mahalaga upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Gubernatorial Disaster Proclamation, ang mga pangyayaring nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ginagawang napakahirap ang tiyak na paghula sa landas ng birus sa mga darating na buwan; at,

SAPAGKAT, noong panahong inilabas ko ang unang Gubernatorial Disaster Proclamation, mayroong 11 kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa isang lalawigan ng Illinois; at,

SAPAGKAT, sa ngayon, mayroong mahigit 3,834,000 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa lahat ng 102 na lalawigan ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang unang pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

SAPAGKAT, sa ngayon, mahigit 35,300 na mga residente ng Illinois ang namatay dahil sa COVID-19; at,

SAPAGKAT, mula sa umpisa, iminungkahi ng mga pag-aaral na sa bawat kumpirmadong kaso ay may marami pang mga kasong hindi nababatid, na ang ilan sa mga ito ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

SAPAGKAT, mahalaga para sa Estado na maghanda para sa mga potensyal na biglang pagdami at mga bagong variant ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang pandemya ng COVID-19 ay hindi limitado sa mga pinaka-mataong lalawigan, at ang lahat ng mga rehiyon ng Estado ay patuloy na nahaharap sa malaking panganib ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, sa kawalan ng pag-iingat, ang COVID-19 ay maaaring kumalat nang mabilis, kahit sa mga lugar na mababa ang populasyon; at,

SAPAGKAT, ang Estados Unidos ay may higit sa 97 milyong kabuuang mga kaso at higit sa 1,068,000 pagkamatay; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay kumitil ng mga buhay at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa napakataas na bilang – na sumasalamin sa makabuluhang mga pagkakaiba-iba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

SAPAGKAT, pinagana ng Illinois Department of Public Health ang Illinois Emergency Operations Plan at Emergency Support Function 8 Plan nito para ayusin ang mga pagsisikap sa pagtugon sa emerhensiya ng mga ospital, mga lokal na departamento ng kalusugan, at mga sistema ng pamamahala ng emerhensiya para maiwasan ang biglang pagtaas ng paggamit ng mga rekurso at kapasidad ng ospital; at,

SAPAGKAT, sa paglaganap ng birus sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na nangangailangan ng isang umuusbong na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay magagawang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naayon sa gabay ng CDC na patuloy na binabago; at,

SAPAGKAT, upang matiyak na natutugunan ng mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, mga ospital at iba pang mga pasilidad ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga residente ng Illinois, ang Estado ay dapat magkaroon ng mga kritikal na suplay, kabilang ang PPE, tulad ng mga mask, mga sanggalang sa mukha, mga gown, at guwantes; at,

SAPAGKAT, pinapanatili ng Estado ng Illinois ang imbakan na sumusuporta sa mayroon nang mga suplay at stock ng PPE sa iba't-ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan; at,

SAPAGKAT, habang ipinagpapatuloy ng Estado ang pagsisikap na makakuha ng sapat na suplay ng PPE, kapag ang mga nasabing pagsisikap ay naantala o kapag nakaranas ang Illinois ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19, maaaring maharap ang Estado sa kakulangan ng mga kritikal na suplay para sa mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan at mga unang tumutugon; at,

SAPAGKAT, kung dumami ang mga kaso ng COVID-19, maaaring harapin ng Estado ang kakulangan ng mga kritikal na rekurso at tauhan sa pangangalaga sa kalusugan; at,

SAPAGKAT, ang mga epekto ng pandemyang COVID-19 ay nagresulta sa kakulangan sa buong bansa ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaapekto sa paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Illinois kabilang ang pagkakaroon ng mga tauhan, kama, at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang mga pasilidad na pinapatakbo ng Estado;

SAPAGKAT, bukod sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 35,300 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa pinansiyal na kapakanan ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, sa buong bansa, higit sa 80 milyong tao ang naghain ng claim sa kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Department of Employment Security ay patuloy na tumutugon sa krisis sa ekonomiya sa maraming paraan upang matugunan ang mga walang ulirang epekto ng pandemya sa ekonomiya; at,

SAPAGKAT, ang Department of Commerce and Economic Opportunity ay patuloy na kumikilos para matugunan ang krisis sa ekonomiya; at,

SAPAGKAT, maraming ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na nagtutuon ng makabuluhang rekurso sa nagpapatuloy na pagtugon sa pandemya ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, maraming mga ahensya ng Estado ang patuloy na kumikilos upang pangasiwaan ang American Rescue Plan at Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds; at,

SAPAGKAT, ang pagbagsak ng ekonomiya at kawalang seguridad na dulot ng COVID-19 ay nagbanta sa kakayahang kumita ng negosyo at sa pag-access sa pabahay, pangangalagang medikal, pagkain, at iba pang kritikal na mga rekurso na direktang nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay labis ding nakakagambala sa mga paaralan, at ito ay kabilang sa pinakamataas na prayoridad ng Estado upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng de-kalidad na edukasyon at ang mga paaralan ay makapagbibigay ng isang kapaligiran na ligtas para sa mga mag-aaral, mga guro, at sa komunidad; at,

SAPAGKAT, batay sa mga nabanggit na katotohanan, at sa patuloy na mga epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa susunod na buwan ng mga tao sa buong Estado, ang kasalukuyang mga pangyayari sa Illinois na kaugnay ng pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng epidemikong emerhensiya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

SAPAGKAT, batay sa nabanggit, ang patuloy na posibilidad na ang Estado ay maaaring maharap sa kakulangan ng mga mapagkukunan sa pangangalagang pangkalusugan kung sakaling magkaroon ng pagdami ng mga impeksyon ay bumubuo ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

SAPAGKAT, patakaran ng Estado ng Illinois na maging handa sa pagtugon sa anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magbahagi ng mga karagdagang rekurso ng Estado para matiyak na ang ating sistema sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang pagsilbihan ang mga may sakit at ang mga taga-Illinois ay manatiling ligtas at panatag at siguradong makakakuha ng pangangalagang medikal; at,

SAPAGKAT, makatutulong ang proklamasyong ito sa Estado sa pagpapadali ng pagbangon ng ekonomiya para sa mga indibidwal at mga negosyo sa isang pagsisikap na maiwasan ang karagdagang mapaminsalang mga kahihinatnan mula sa kawalang-katatagan ng ekonomiya na dulot ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, makatutulong ang proklamasyong ito sa mga ahensiya ng Illinois sa koordinasyon ng mga rekurso ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyales na kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, at mga gamot, sa pagsisikap na suportahan ang tugon ng Estado gayundin ang tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

SAPAGKAT, makatutulong din ang proklamasyong ito sa mga ahensiya ng Illinois sa koordinasyon ng mga pondo ng Estado at Pederal para sa pagbangon; at,

SAPAGKAT, may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa bagong pagpapalabas ng isang proklamasyon ng sakuna; at,

SAPAGKAT, nakasaad sa Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8 na “taglay ng Gobernador ang pinakamataas na kapangyarihang tagapagpaganap, at pananagutan niya ang tapat na pagpapatupad ng mga batas,” at ipinahahayag, sa Preamble, na isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ang “paglaan para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao”;

DAHIL DITO, sa interes ng pagtulong sa mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan ng publiko, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

Seksyon 1. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, pinatutunayan kong may sakuna sa Estado ng Illinois at partikular na idinedeklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang mga lugar ng sakuna. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng kapangyarihang pang-emerhensiya alinsunod sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

Seksyon 2. Inaatasan ang Illinois Department of Public Health at Illinois Emergency Management Agency na makipag-ugnayan sa isa't isa kaugnay ng pagpapalano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

Seksyon 3. Ang Illinois Department of Public Health ay inatasan pa na makipagtulungan sa Gobernador, ibang mga ahensiya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano na maprotektahan ang kalusugan ng publiko kaugnay ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

Seksyon 4. Inaatasan ang Illinois Emergency Management Agency na ipatupad ang State Emergency Operations Plan para maisaayos ang mga rekurso ng Estado para matulungan ang mga lokal na pamahalaan sa mga operasyon sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

Seksyon 5. Para makatulong sa agarang pagbili ng mga kinakailangan sa pagtugon at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang aksyon sa pagharap sa sakuna ay sinususpende hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring magsagawa ng angkop na ehekutibong aksyon na nagsususpende sa mga karagdagang batas, kautusan, tuntunin, at regulasyon.

Seksyon 6. Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), pinagagana ng proklamasyong ito ang awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, na ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga departamento at ahensiya ng Estado o mga yunit nito para maisagawa o mapadali ang mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

Seksyon 7. Ang Illinois Department of Public Health, Illinois Department of Insurance at ang Illinois Department of Healthcare and Family Services ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matiyak ang pag-access sa pagsusuri para sa COVID-19 at ang mga mamimili ay hindi nahaharap sa mga hadlang sa pananalapi sa pag-access sa mga diagnostic na pagsusuri at serbisyo sa paggamot para sa COVID-19.

Seksyon 8. Ang Illinois State Board of Education ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matugunan ang anumang epekto sa pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan at upang patuloy na maibsan ang anumang mga hadlang sa paggamit ng pag-aaral sa labas ng paaralan sa panahon ng epekto ng proklamasyong ito na umiiral sa Illinois School Code, 105 ILCS 5/1-1 et. seq.

Seksyon 9. Ang lahat ng ahensiya ng Estado ay inaataasang makipagtulungan sa Gobernador, ibang mga ahensiya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano para makayanan at makabangon mula sa pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

Seksyon 10. Alinsunod sa Seksyon 7(14) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(14), ang mga pagtaas sa presyo ng mga kalakal o serbisyo, kabilang ang mga medikal na gamit, kagamitan sa proteksyon, mga gamot at iba pang mga gamit na inilaan upang makatulong sa pag-iwas sa o paggamot at pagbangon sa COVID-19, ay ipinagbabawal sa Estado ng Illinois habang ang proklamasyong ito ay ipinapatupad.

Seksyon 11. Mapapabilis ng proklamasyong ito ang kahilingan sa pederal na tulong pang-emerhensiya at/o pangsakuna kung ipapahiwatig sa isang kompleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala na hindi kakayanin ng Estado at mga apektadong lokal na pamahalaan ang epektibong pagbangon.

Seksyon 12. Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

Bilang Patunay sa Lahat ng Ito, lumalagda ako at itinatatak ko ang
Dakilang Selyo ng Estado ng Illinois.

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng
Springfield, ngayong ika-10 ng
Nobyembre sa Taon ng Ating
Panginoo, dalawang libo at dalawampung
dalawa at ng Estado ng Illinois dalawang
daan at apat.*

KALIHIM NG ESTADO

GOBERNADOR